

1

The pleasure was too intense.

Hindi niya alam kung paano pa niya kakayanin habang mas lalong bumababa sa kanyang katawan ang mga labi ni Wesley. Idinaan niya ang kanyang daliri sa buhok ng binata.

Tumingala ito at ngumiti sa kanya. Hinaplos niya ang pisngi nito. He moved his head to one side and pressed his lips to her fingers. Muli nitong idinikit ang mga labi sa kanyang leeg pababa sa kanyang dibdib.

He was so gentle. Hindi niya inaasahang magiging ganoon kaingat ang binata sa kanya. For a one-night stand, he was the perfect lover.

Wesley's mouth opened over her breast to suckle her tender flesh. She moaned and arched her back to press more of herself into his mouth. His tongue touched her skin, running in slow circles to paint heat on her body.

“Wes,” bulong niya. Her fingers clutched at the hard muscles of his shoulders while she bit down on her lip. Bumaba ang halik ng binata sa kanyang tiyan hanggang sa kanyang hita. Dahan-dahan

nitong inangat ang kanyang binti habang patuloy na naglalakbay ang mga labi nito. Habul-habol niya ang kanyang hininga. Umarko ang kanyang likod para ialay ang sarili rito.

Bumubulong si Wes. Mga salitang hindi niya maintindihan at hindi niya kailangan. She ran her hands up his back, delighting in the smooth skin that was stretched over hard muscles. Iyon ang unang beses na nakahaplos siya ng balat ng isang lalaki.

“Paige,” bulong ng binata habang gumagapang pababa ang mga halik nito. Muli siyang umungol. Sa tingin niya, alam na niya ang gagawin nito.

“God, Wesley, please!” daing niya. She parted her legs and pushed at his shoulders, guiding him. Pinagbigyan siya nito at nagpakalunod siya sa ibayong ligayang dulot ng mga halik nito sa pagitan ng kanyang mga hita.

She should be ashamed of herself. Hindi niya kilala ang binata at nakilala lamang ito ilang oras pa lang ang nakakalipas. Pero sawa na siyang maging good girl. Sawa na siyang maging martir. At sa gabing iyon, sa piling ng lalaki, kukunin na niya lahat ng ligaya na kaya niyang ipunin.

She cried out. Hindi niya napigil ang tunog na

kumawala mula sa kanyang bibig nang iangat ni Wes ang kanyang balakang para mas lalong pag-ibayuhin ang paghalik sa kanya. “Wes, please,” pagmamakaawa niya. “Please!”

Tumuwid ang binata sa pagitan ng kanyang mga hita. Inabot nito ang isang foil packet sa sidetable, tore it open and sheathed himself with the condom. Sandaling nakadama si Paige ng kaba, pero nang muling pumaibabaw sa kanya ang binata, napalitan iyon ng init ng pagnanasa. She wrapped her arms around him, and he lifted her legs on either side of his hips before he thrust into her. Sabay silang napasinghap. Siya, sa matinding hapdi; si Wes, sa pagkagulat. Magkaibang reaksyon sa iisang dahilan. Ang pagkawala ng kanyang pagkabirhen.

Namimilog ang mga mata ng kaniig habang nakatingin ito sa kanya. Inangat niya ang isang kamay at hinaplos ang kanyang palad sa pisngi nito bago idinaan ang kanyang mga daliri sa buhok ng binata. “Love me,” bulong niya bago ito hinapit sa batok at siniil ng halik.

Impit na napaungol si Wesley bago ito bumuntong-hininga. Humigpit ang pagkakahawak nito sa kanyang balakang at muli itong nagsimulang gumalaw sa ibabaw niya. His body inside hers was the most

intimate thing she had ever felt. Kumapit siya sa maskuladong likod ng binata.

His hand moved between her legs where their bodies touched. Napasinghap siya sa mala-kuryenteng sensasyon na dumagdag pa sa magkakahalo nang nadarama niya. Nalimot na niya ang sakit. Ang naroon na lang ay ang nakaliliyong init sa kanyang kaibuturan.

“Come, baby,” bulong nito at wala siyang nagawa kundi sumunod. Tila ba sumabog ang ligaya sa kanyang katawan bago kumalat sa kanyang mga ugat. Napakapit siya sa mga braso ni Wes. She threw her head back and he bent forward to open his mouth against her throat. Her climax tore through her like lava, and she shuddered as he continued to thrust into her through her orgasm, pushing her higher. Nakabaon na sa likod ng binata ang kanyang mga kuko when he thrust once, twice, before his body shuddered and he let himself go.

Kapwa sila humihingal nang mag-angat ng paningin si Wes. Idinikit nito ang mga labi sa kanyang noo. “You have to tell me why,” bulong nito.

“Later,” sabi ni Paige. “Just hold me.”

Pinagmasdan siya ng binata bago siya nito

muling hinalikan. “Let me clean up,” sabi nito bago maingat na pinaghiwalay ang kanilang mga katawan. Nagtungo ito sa banyo at agad na nagsimulang nanuot ang lamig ng silid sa kanyang katawan. Hinila ni Paige ang kumot para ibalot sa sarili at nakita ang dugo sa bedsheets. Dugo niya.

Parang naipon sa kanyang mga pisngi ang init ng pagkapahiya. Naupo siya at ibinalot sa katawan ang kumot. Nagsimula siyang tumayo pero biglang napangiwi sa kirot sa pagitan ng kanyang mga hita. Tamang-tama naman na lumabas si Wes mula sa banyo. Lalong namula ang kanyang mga pisngi nang mabungaran ang kahubaran ng binata.

“Are you all right?” tanong nito. Puno ng pag-aalala ang mukha ng lalaki at tumango siya. Lumapit ito sa kanya at hindi niya napigilan ang mapatingin sa biyayang nakalantad sa harap niya. Muling namula ang kanyang mga pisngi bago siya nag-iwas ng paningin.

Tumawa si Wes bago ito naupo sa kanyang tabi. Inakbayan siya nito at bago pa siya makatutol, nahila na siya ng binata at nakaupo na siya sa kandungan nito. Mahigpit siya nitong niyakap at hinalikan sa tuktok ng kanyang ulo.

“What are you doing?” tanong ni Paige habang

nakasiksik sa pagitan ng leeg at balikat nito ang kanyang mukha.

Tumungo ito. “Well, you did ask me to hold you.”

Nanatili siyang nakatingin dito. He had an aristocratic face, almost arrogant; with dark, piercing eyes, a straight nose, and firm lips. Hindi ito classically na guwapo pero attractive ang binata. Matangkad din ito, maskulado ang katawan pero not overtly. Athletic iyon na parang long-distance marathon runner. Hindi niya kilala ang lalaki pero kilala niya ang katawan nito. Kani-kanina lang ay nasa ilalim iyon ng kanyang mga kamay.

Nakaupo siya sa isang mesa sa *Ontiveros*, isang sikat na restaurant sa Makati, at patagong umiiyak habang pinipilit kumain ng in-order niyang isang slice ng chocolate torte. Wala siyang gana pero nag-order na rin siya para hindi nakakahiya na ilang oras siyang nakaupo roon.

It was the worst day of her life. Milagro na lamang na hindi siya humihikbi habang naroon pero malapit na.

Nang lumapit si Wes sa kanya para tanungin kung okay lang siya, hindi na niya napigil ang pagtulo ng luha. Ipinag-order siya nito ng kape at naupo sa

kanyang tapat sa mesa. The next thing she knew, she was asking to go home with him at iyon na nga.

Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nakakandong sa binata bago nagsalita si Wes. “Are you hungry?”

Doon niya na-realize na gutom nga siya. Tumango siya.

“Why don’t you take a shower so you’d be more comfortable?” sabi nito. “I’ll fix something up.”

“Marunong kang magluto?” Puno ng kuryosidad ang kanyang tinig at mabagal na ngumiti ang lalaki.

“Wala pa akong nalalason,” biro nito bago siya tinulungang tumayo. “Maligo ka muna. Maraming t-shirt sa cabinet ko. Put one on, then come out to the dining room.”

Ang binata pa ang nagbukas ng dutsa ng shower para sa kanya. Sinubukan nito ang tubig para tingnan kung tama ba ang temperatura niyon. Hinalikan siya nitong muli sa noo bago siya iniwan.

Naka-t-shirt at cargo shorts na si Chef Wesley Ontiveros habang nagluluto sa maliit na kusina ng kanyang condo unit. Hindi niya maalis ang ngiting

naglalaro sa kanyang mga labi. Hindi niya masisi ang sarili. He just had the most awesome sex of his life.

And to think nagsimula lang iyon sa kagustuhan niyang tumulong.

“Is everything all right?” tanong niya nang tumigil siya sa tabi ng mesa ng dalaga. Tiningala siya nito na tila ba nagulat sa kanyang presensya. Araw-araw, sinusubukan niyang makihalubilo sa mga kumakain sa kanyang restaurant. Gusto niyang kumukuha ng feedback mula sa customers niya. Iyon ang unang pagkakataon na may kumakain doon na mag-isa at umiiyak. Hindi pa nakabawas sa kanyang kuryosidad na mukhang heartbroken angel ang babae na iyon.

Ang Ontiveros ay ang kanyang baby, ang panganay niyang anak. Iyon ang katuparan ng kanyang mga pangarap at ng ilang taon niyang pag-aaral, pagsisipag at pagsisikap. Pride and joy niya ito at gusto niyang maganda ang experience ng mga taong kumakain doon.

Pinagmasdan niya ang dalaga habang nag-iisip ito kung ano ang sasabihin sa kanya. Basa sa luha ang mga pisngi nito at mapula ang ilong. Maamo ang mukha ng dalaga. At mas lalong nakatawag sa kanyang pansin ang matinding kalungkutan sa mga basang mata nito.

“I’m fine,” sabi ng babae pero nanginginig ang tinig nito.

Tiningnan ni Wes ang isa sa mga serbidor na mabilis na lumapit sa kanya. “Two coffees,” sabi niya rito bago naupo sa tapat ng dalaga.

“I’m sorry, Mister—”

“Wesley,” sabi niya. “Wes. I’m just curious.”

“Tsismoso ka ba talaga?” tanong nito pero walang katarayan sa tono kaya ngumiti siya.

“If it’s worth it,” turan niya.

Nagkuwentuhan sila tungkol sa mga bagay-bagay habang nagkakape pero alam niyang hindi nila pinag-usapan ang dahilan kung bakit ito umiiyak sa isang sulok ng restaurant niya. At nang mapansin niyang sila na lamang ang naroon, nagmagandang-loob siya na alukin ang dalaga na ihatid na niya ito sa bahay.

Nasa kotse silang dalawa nang gawaran siya ng halik ni Paige. Hindi lang doon natapos iyon. Ang sumunod, alam na lang niya, nasa kama na sila at naibigay na nito sa kanya ang virginity nito.

Hinango niya ang linguini mula sa kumukulong tubig bago iyon inilagay sa higanteng sauce pan kung saan niya niluto ang mga sugpo sa butter at

bawang. Nagpiga siya ng isang lemon bago muling hinalo ang pasta. Sinulyapan niya ang dalaga nang maramdaman niyang nakatayo na ito sa may pinto ng kanyang silid. Suot nito ang isa niyang t-shirt na napakalaki para rito. Hindi niya alam kung may suot ito sa ilalim niyon, pero pinigil niya ang imahinasyon.

Down, boy!

“Pasta’s almost ready,” saad niya bago tumango sa direksyon ng dining table kung saan nakaayos na ang dalawang place settings. He saw her nervously lick her lips. He almost groaned when his body reacted instantly, from mild interest to full erection. Anak ng tokwa. Muli niyang hinarap ang niluluto.

Imbis na magtungo sa mesa, naramdaman niyang lumapit ang dalaga sa kanya at sumilip sa gilid ng kanyang balikat. “Ang bango,” komento nito.

“I could say the same about you,” pilyo niyang saad at namula ang mukha ni Paige.

“Hindi ka lang pala marunong magluto eh,” tukso nito bago nagtungo sa dining table at naupo roon. “Chef ka ba sa *Ontiveros*?”

Kumibot ang mga labi ni Wes. “Oo,” sagot niya bago pinatay ang kalan. Isinalin niya sa mga pinggan ang pasta at dinala iyon sa mesa. “Kain muna tayo,

and then...” Tumawa siya nang sumilab ang kulay sa mga pisngi ni Paige. “Puwede rin nating gawin iyon pero ibig kong sabihin, mag-uusap tayo.”

Bumuntong-hininga ito. “Sigurado akong marami kang tanong,” anito bago inabot ang container ng Parmesan cheese sa gitna ng mesa.

“Oo,” sang-ayon ni Wes. “Starting with why.”

Pinanood niyang itinutulak nito ang sugpo mula sa isang dulo ng pinggan patungo sa kabila. Kinuha niya ang kanyang tinidor at tinusok ang hipon bago inangat iyon para isubo kay Paige. Pinagmasdan siya nito bago bumuka ang mga labi para kunin ang hipon mula sa kanyang tinidor. Muntik nang tumirik ang kanyang mga mata.

You have sex on the brain, Ontiveros.

Nginuya nito ang hipon bago inabot ang baso ng iced tea.

“Wes, please don’t think na ginamit lang kita,” pagsusumamo nito at tumawa siya.

“Paige, kung ikaw naman ang gagamit sa ’kin, kahit araw-araw mo pa ako gamitin.”

Natawa na rin si Paige at nagsimula na itong kumain. “Sigurado naman akong nagkaroon ka na ng

girlfriend,” simula nito. “Sigurado ko ring may best friend ka.” Sinulyapan siya nito at tumango lang siya.

“Bago mo ako nakitang nagda-drama sa restaurant, galing ako sa apartment ng boyfriend ko. Six months na kami ngayon. He’d been pressuring me to sleep with him at lagi akong nagdadahilan.” Nagkibit-balikat ito. “I wasn’t ready. Sa totoo lang, kagabi, hindi pa rin ako handa. Pero determinado na ako kasi mahal ko naman siya. Saka hindi na niya ako kinukulit. Naisip ko, baka iyon na nga ’yong tamang panahon.” Payak itong tumawa. “Kaya pala niya ’ko hindi kinukulit kasi nakahanap na siya ng pang-booty call niya in the person of my best friend.” Pinilit nitong ngumiti pero muling namasa ang mga mata.

Inabot ni Wes ang kamay ng kaharap at pinisil iyon. “He’s a jackass,” galit niyang saad. “And she deserves him.”

Tumawa si Paige at pinunasan ang luha. “Sa totoo lang, mas nasaktan ako na best friend ko ang ipinalit niya sa ’kin. Pinagkatiwalaan ko silang dalawa ’tapos...” She sighed. “I’m really sorry, Wes. Ngayon ko lang naisip na ang pangit tingnan ng ginawa ko kagabi.”

Ngumiti siya. She was the sweetest thing. Siya pa ang pinroblema nito kahit pa nasa gitna ito ng

isang masakit na karanasan. “I don’t mind being your booty call guy.”

Tumawa si Paige. “I don’t usually do things like that.”

“Obviously,” sagot niya. “I was your first.”

Mabagal na umiling si Paige. “Hindi ko na alam kung ano’ng gagawin ko ngayon. Alam ko, siguro, dapat nahihiya na ako sa ’yo ngayon.”

“No way,” bulalas niya. “Wala namang dahilan para mahiya ka sa ’kin.”

“Bakit mo ’to ginagawa, Wes? Bakit ang bait mo sa ’kin? Is it because ikaw ang nakauna sa ’kin?”

“No,” mabilis niyang tugon. “Walang kinalaman ang sex dito sa ginagawa ko, Paige.”

Muling umiling ang dalaga. “I’m sorry. Hindi ko kasi alam kung ano ba itong mayr’on sa ’tin. You’re my first, at wala naman tayong relasyon talaga. It should be awkward...”

“But it’s not,” pagtatapos ni Wesley.

“No, it’s not,” pagsang-ayon ng dalaga. Bumuntong-hininga ito. “Hindi ko alam kung ano’ng mayr’on tayo, Wes. Kung relasyon ba ’to? Fling? Hindi

ko alam ang rules.”

“Paige, puwede namang tayong magkaroon ng kahit anong gusto mong magkaroon sa pagitan natin,” sabi niya. “Papayag naman akong ikaw ang magbigay ng rules. Ikaw na ang bahala sa guidelines. Sabihin mo sa ’kin kung saan ka komportable. Iyon ang susundin natin.”

Mukhang hindi sigurado sa gusto nitong gawin ang dalaga. Naiintindihan naman niya iyon. Wala silang pormal na relasyon. He was supposed to be a one-night-stand. Pero heto, magkasama pa rin sila dahil interesado siya rito. At bukas, sigurado siya interesado pa rin siya rito. Hindi lang para sa sex, although that was incredible. Pero dahil sa gusto niya talaga itong makilala.

“Ano ba’ng puwede kong i-expect sa fling?” tanong nito. “May pagkakaiba ba sa tunay na relationship?”

Nagkibit si Wes at nagpatuloy sa pagkain. “Depende doon sa dalawang taong nasa fling. Hindi ba puwede ka rin namang mag-expect ng open relationship kahit totoong mag-boyfriend kayo? Depende na lang sa kung ano ang gusto n’yong relasyon.”

Nagdilim ang mukha ni Paige. “Obviously, ayoko

ng open relationship.”

“Sige, let’s do it this way,” sabi niya. “So long as we’re in this relationship... in this fling, iyong-iyo lang ako.”

Her eyes met his. “At sino sa ’tin ang magdedesisyon na tapos na ang fling natin?”

Pinagmasdan niya ito. Hindi nag-iwas ng tingin ang dalaga. “I leave that up to you, too,” mahina niyang sagot.

“I don’t know,” buntong-hininga nito. “Feeling ko talaga dapat nahihiya ako sa ’yo ngayon.”

“Sabi ko nga, wala kang dapat ikahiya sa ’kin,” pilit niya.

“Puwera na lang sa...” Muli itong nag-blush, marahil dahil naaalala nito kung ano ang ginawa nilang dalawa kani-kanina lang.

Lumalim ang kanyang tinig at lumawak ang mapanuksong ngiti sa kanyang mga labi. “Lalong hindi ka dapat mahiya sa ’kin dahil doon,” saad niya. “Lalo na’t gagawin ko ulit ’yon mamaya.”

Namilog ang mga mata ni Paige. “Gusto mo... I mean, you’re going to...?”

Mabagal siyang tumango at kinuha ang kamay ni Paige para dalhin iyon sa kanyang kandungan. Lalong nanlaki ang mga mata ng babae nang idiin niya ang palad nito sa kanyang pagkalalaki para ipakita rito na, oo, gusto niya pa. “Iyon naman ay kung interesado ka.”

Napaungol siya nang sumara ang mga daliri ni Paige palibot sa kanya. Mabilis siyang tumayo at hinila ang dalaga.

“Hindi ka pa kumakain,” paalala nito nang buhatin niya ito patungo sa sofa.

“Kakain na,” garalgal ang tinig na saad niya bago ibinaba ang bumubungisngis na babae at pumaibabaw rito.

2

“Good morning!” masayang bati sa kanya ng kanyang clerk na si Buena nang pumasok si Paige sa kanyang opisina kinabukasan.

Kinuha niyang rest day ang Sunday pero paminsan-minsan ay nagpupunta pa rin siya sa kanyang bookstore, ang *Prologues*, tuwing Linggo ng hapon para samahan ang kaibigan at long-time tintera.

“Parang maaga ka yata ngayon? At ang aliwalas ng aura mo, girl! Kamusta ang date?”

Ngumiti siya. Kung ikukuwento niya rito ang mga kaganapan noong nakaraang araw, baka magulat ito kung bakit maaliwalas ang sinasabi nitong aura niya. Pero bakit nga naman hindi? Kagagaling lang niya sa isang pambihirang gabi kasama ng isang guwapo, mabait, at ubod nang galing sa kamang lalaki.

“Sigurado ka bang gusto mong malaman?” tanong niya.

Dumerecho sa maliit na kitchenette si Buena at nagsimula itong magtimpla ng kape.

“Eh, kung base lang sa dreamy eyes at diyan sa pilya mong ngiti, aba’y sasabihin kong successful ang gabi,” masayang sabi ng kaibigan. Hinalo nito ang kape at inabot sa kanya ang tasa. “Tell me everything. Saan, ilang beses, at anu-anong posisyon?”

“Luka-loka!” malakas niyang tawa.

Kasama na niya si Buena mula pa noong una niyang buksan ang bookstore. Ilang taon lang ang tanda niya rito at madali niya itong nakapalagayan ng loob dahil na rin sa pagiging mabait at masayahin nito. Naging magkaibigan na rin sila at sa loob ng anim na taon, pumangalawa na ito sa kanyang best friend—ex-best friend pala—na si Blanche, sa kanyang mga listahan ng malalapit na kaibigan.

“Paano nga?” pangungulit ng babae nang maupo ito sa sofa. “Kailan ang kasal?”

Naupo si Paige sa tabi nito at itinaas ang mga paa pero umiiling siyang sumimsim ng kape.

“Ang daya naman nito!” nakalabing anang kaibigan. Itinulak nito pataas sa ilong ang suot na salamin sa mata at sinimangutan siya. As if naman nakaka-intimidate ito.

Maliit si Buena. Hindi ito aabot ng limang talampakan sa taas at payat. Lagi niyang naaalala

si Edna Mode na taga-gawa ng costume ng *The Incredibles* sa tuwing nakikita ang kaibigan. Pero kung anong kakulangan nito sa tangkad at sa timbang, siya namang binawi nito sa daldal at enerhiya.

“Hindi ako kiss and tell,” nakangiti niyang tukso.

Umikot ang mga eyeballs nito. “Sus! Ngayon lang may isa sa ating namaalam sa virginity, ayaw mo pang i-share.”

Humagikgik siya. At anong uring milagro iyon na sa oras na dapat ay nagdurugo pa rin ang puso niya sa alaala ng kanyang boyfriend at best friend, nakukuha niyang tumawa.

“Ganoon siya kagaling?”

“Buena!” tili niya at tumawa na rin ang kaibigan.

“Ang daya talaga,” reklamo nito bago tumayo. “Oo nga pala, kanina pa tumatawag ang bruhilda mong best friend.”

Nawala ang ngiti sa kanyang mga labi. Muling umikot ang mga mata ni Buena.

Noong una pa lang silang magkakilala ni Blanche, hindi na nagkasundo ang dalawa. Nainsulto kasi si Buena sa pagkilatis ng ex-best friend niya mula ulo hanggang paa; at nainsulto si Blanche na naging

malapit sa isang katulad ni Buena sa kanya.

“Ano’ng sabi?”

“Hinahanap ka. At nagalit pa sa ’kin ha! Huwag daw kitang itago. Kung hindi ba naman antipatika?” mataray na anang kaibigan. “Promise, Paige. Hindi ko alam kung bakit mo naging kaibigan ’yon.”

Ilang beses na rin niya iyong naitanong sa sarili.

“Hayaan mo siya.” Tumayo siya para dalhin sa kanilang kusina ang mga tasa ng kape. Hindi na niya itinuloy pa ang kuwento. Isa pa, narinig ni Buena ang bell na senyales ng pagpasok ng customer sa bookstore.

Bumuntong-hininga si Paige. Magkahalong kalamay ang nararamdaman niya sa kasalukuyan.

Grade six pa lang sila, best friends na sila ni Blanche. Pareho silang galing sa isang eksklusibong paaralan para sa mga babae. Nagkataon lang na matalino si Paige sa mga numero, at medyo mahina naman si Blanche doon. Naatasan siyang maging peer tutor ng kaibigan.

Siguro nagustuhan nito ang kanyang tahimik na personalidad kung kaya naging magkaibigan sila. Agresibo si Blanche, madaldal na party girl pero ubod

ng dami ng insecurities sa katawan. Siya naman ay tahimik lamang pero isa sa pinaka-confident na tao. Naging sandalan siya ni Blanche sa tuwing aatakihin ito ng inferiority complex at siya ang naging basehan nito ng sariling kagalingan.

“Kailangan mas magaling ako sa ’yo, Paige. Kailangan mas maganda ako sa ’yo. Kailangan mayroon ako nang wala ka.”

Hindi niya alam kung paano naging ganoon ang paniniwala ni Blanche pero dahil hindi siya apektado, at hindi siya nakikipagkumpitensya rito, ni pinansin ang pagiging insecure nito sa kanya. Kailan nga lang niya naisip na lagi nitong ikinukumpara ang sarili sa kanya.

“Kaya mo gawin ’yan? Mas kaya ko ito. Mas magaling ako sa ’yo.”

Nasaktan siya sa ginawa nito pero mas nalungkot siya na hindi na nila muli pang maibabalik ang kanilang pagkakaibigan. At least, hindi sa parte niya.

Bumalik siya sa mesa para tingnan ang bagong dating na mga magazines na idi-display nilang dalawa ni Buena sa labas. Baka lunurin na muna niya ang sarili sa mga babasahin, gaya ng madalas niyang gawin noong bata siya.

Pinunit niya ang papel na nakabalot sa isang stack ng mga magazines at naramdaman niyang nanuyo ang kanyang lalamunan sa larawang bumuluga sa kanya. Sa cover ng *Food Magazine*, nakangiti sa kanya ang lalaking kaninang umaga lang ay kayakap niya sa kama.

Si Chef Wesley Ontiveros, ang may-ari at head chef ng apat na branches ng *Ontiveros* restaurants sa Makati, sa Bonifacio High Street, sa *Gateway Mall* at sa Boracay.

“Paige,” iritableng tawag ni Buena mula sa labas at nag-angat siya ng paningin. Pero bago pa makapagsalita ang kaibigan, naitulak na ito patabi ng isang nanggagalaiting si Blanche.

“Bakit hindi mo sinasagot ang tawag ko?” nakapamaywang na tanong nito habang pinandidilatan siya.

Sumulak ang galit sa kanyang mga ugat pero nanatili siyang nakaupo at blangko ang mukha. “Hindi pa ba obvious na ayaw kitang makausap?” Binudburan niya ng sarkasmo ang mga kataga.

Nanlisik ang mga mata ng babae. Kung pagtatabihin silang dalawang magkaibigan, higit na maganda ito sa kanya kung karaniwang kagandahan

ang pagbabatayan. She was model-gorgeous. Mestiza, chinita, matangkad, sexy at marunong manamit ng magara. Para itong commercial model ng papaya soap o kaya ay *Pond's*. Samantalang siya ay simple lang. Sana kung sinasalamon din ng mukha ang totoong saloobin ng isang tao.

“Iyon lang ang sasabihin mo sa 'kin?” sigaw nito. “How pathetic can you be?”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Ano'ng gusto mong gawin ko?”

Tumawa si Blanche. “Kaya pala ang bilis kang ipagpalit ni Tyler, wala kang kuwentang girlfriend!” Lumapit ito sa kanyang mesa. “Wala ka bang pakialam na ako ang kasiping ng boyfriend mo kagabi?”

Suminghap si Buena at napasulyap dito si Paige.

Nakita niyang may hawak na hard-bound book ang clerk at mabilis siyang umiling bago pa nito maisip na pukulin ng libro ang kanilang *buwisita*.

Napansin ng huli ang kanilang pagpapalitan at mabilis nitong hinarap si Buena at dinuro. “Huwag kang makialam dito, duwende ka!”

Muling napasinghap sa pagkakainsulto ang clerk at muntik nabilaukan sa paglunok ng kanyang tawa

si Paige. “Du-wen-de?” mabagal na sambit ng babae.

“Buena, please,” sumamo niya bago pa kumawala ang pinipigil niyang tawa.

Sumimangot ang kaibigan bago mabilis na tumalikod at inis na lumabas ng silid. Siya naman ang hinarap ni Blanche. Napansin yata nito ang amusement sa kanyang mga mata at lalo itong nagalit. “Tumatawa ka pa?” hindi makapaniwala nitong tili. “You find this funny?”

Bumuntong-hininga siya. “Please, kung may gusto kang sabihin, sabihin mo na, then get the hell out of my store,” aniya rito.

“D’yan ka magaling!” sabing muli ni Blanche. “D’yan sa passive-aggressive crap mo. Can’t we get a rise out of you?”

Kumurap si Paige. Nababaliw na ba siya? O ang babae lang ang nababaliw? Kaya ba nito inagaw ang kanyang boyfriend dahil gusto siya nitong galitin?

“You don’t really care about people, do you?” patuloy nitong litanya. “Hindi ka nagagalit sa ’min dahil wala kang pakialam sa feelings namin!”

Napanganga na lang siya sa pagkamangha sa pinagsasabi ni Blanche. *Siya* ang walang pakialam

sa feelings ng ibang tao? *Siya* na walang ginawa kundi problemahin ang tingin ng kaibigan sa sarili? *Siya* na walang ginawa kundi magpakumbaba para hindi ma-insecure si *Blanche*? *Siya* ang inagawan ng nobyo, pagkatapos *siya* ang masama?

“Seryoso ka ba?” mangha niyang tanong.

Nakikita na niyang gusto na nitong tumili sa frustration. “I hate you!” sigaw nito. “You never cared about me! I never want to see you again!” Tumalikod ito at nag-walk out.

Halos mabunggo nito si *Wesley* na papasok naman sa kanyang opisina. Nilampasan ng babae ang binata na para bang hindi ito nakita bago pabagsak na itinulak ang pinto palabas ng bookstore. Nakita ni *Paige* na sinundan ito ng tingin ng binata bago *siya* sinulyapan. Puno ng pag-aalala ang mga mata nito.

At parang delayed reaction, noon lang *siya* nagsimulang mangatal. “Wes,” banggit niya habang mahigpit na pinipisil ang gilid ng kanyang mesa.

Lumapit ito, hinila *siya* patayo at niyakap *siya* nang mahigpit. “Hulaan ko,” anito. “*Siya* ang ex-best friend mo?”

Tumango *siya* habang nakadikit sa dibdib nito ang kanyang mukha. Hinawakan *siya* nito sa batok

at marahan siyang pinatingala. Nang magtama ang kanilang mga mata, puno na ng galit ang sa binata. “At siya pa ang may ganang sumugod sa ’yo?”

Pinilit niyang ngumiti. “Siya rin ang may ganang mag-walk out sa ’kin, actually.”

“She’s not worth it,” tiim-bagang nitong saad. “She’s not worth it. Tell me hindi mo na siya magiging kaibigan pa ulit.”

“Hindi na yata kaya ng kaluluwa ko,” biro niya pero hindi niya naitago ang hinanakit.

Pumalatak si Wes at muli siyang niyakap.

“Ehem,” sabi ng isang tinig mula sa pinto. Sumulyap sila roon nang hindi naghiiwalay. Kumukurap-kurap si Buena at nagpalipat-lipat ang mapagtanong nitong paningin mula sa kanya patungo sa lalaking kayakap niya.

“Buen,” sabi niya nang makalayo kay Wesley. Hindi siya pinakawalan ng binata at iniyakap nito ang isang braso sa balikat niya. “Si Wes...” Hindi niya alam kung paano ito ipakikilala kaya wala na siyang sinabi matapos noon. “Wes, si Buena.”

Tiningnan ng kaibigan ang magazine na hawak nito bago ibinalik ang tingin sa lalaki. Pagkatapos ay

ipinakita nito sa kanila ang kopya ng *Food Magazine*.
“Ikaw ’to, di ba?”

Iniangat ni Paige ang paningin sa binata at nakitang napangiwi ito bago tumango.

“Boyfriend ka ba ni Paige?”

“Buena, may mga customers tayo.”

Pinandilatan siya nito. “May utang ka sa ’king kuwento,” walang takot na anang kaibigan. “Lalo na at tinawag akong duwende ng demonyitang ’yon.”

Itinuro niya ang labas ng opisina bilang hudyat na kailangan na nitong lumabas. Lumabi si Buena pero tumalikod ito para muling bumalik sa bookstore. Isinara pa nito ang pinto ng kanyang opisina para bigyan sila ng privacy.

Muli niyang hinarap si Wesley. “At ikaw, Chef Wesley Ontiveros,” saad niyang sinundot-sundot pa ang dibdib ng binata. “Bakit hindi mo sinabi sa ’kin na ikaw pala ang may-ari ng *Ontiveros*? Napahiya tuloy ako sa ’yo. Napagkamalan kitang kusinero.”

Marahan siyang hinila palapit ng binata hanggang sa magdikit nang muli ang kanilang mga katawan. “Paparusahan mo ba ’ko?” Mababa ang tinig nito.

Napakagat-labi siya bago umangat ang kanyang

mga braso para pumulupot sa leeg nito. “Pag-iisipan ko.”

Bumaba ang bibig nito para marahan siyang halikan. Nanatili silang nakadilat at pinagmamasdan ang repleksyon nila sa mga mata ng isa’t isa. Bumuka ang mga labi ni Wes at naramdaman niyang marahan nitong kinagat ang kanyang pang-ibabang labi at napasinghap siya.

“Aayain lang sana kitang mag-lunch,” bulong ng binata bago mabagal na bumaba sa kanyang leeg ang mga labi nito. Her head fell back helplessly. Wala sa sariling idinikit niya ang kanyang katawan sa katawan ng binata.

“Ito ba ang idea mo ng lunch?” tanong niya.

Tumawa si Wes bago tumuwid. Mahigpit pa rin ang pagkakayakap nito sa kanyang baywang kung kaya hindi nito maikaila ang naging epekto ng pagpapalitan nila ng halik. “Actually, ang gusto kong lunch ngayon ay ’yong totoong pagkain. Kung wala kang gagawin, puwede tayong bumalik sa restaurant. Nagluto na ako ng puwede nating kainin d’on.”

“Aba, sigurado kang sasama ako sa ’yo ha?” tukso niya.

Kinurot nito ang tungki ng kanyang ilong. “Bakit?

Hindi ka ba sasama?”

“Sasama na po,” sagot niya. Pinakawalan siya ng binata para makuha niya ang kanyang bag bago sila magkahawak-kamay na lumakad palabas ng kanyang opisina.

Nang makapasok sa restaurant, binati ng mga serbidor sina Wes at Paige. Ngumiti ang dalaga sa mga ito at napansin niyang hindi lang siya ang apektado sa ngiti nito. Ultimo ang suplado nilang guwardiya, tila ba natunaw nang mangitian ng kasama.

Giniya niya ito sa kanyang opisina kung saan nakahanda na sa maliit na mesang ipinapasok niya sa isang serbidor ang pagkaing niluto niya kanina bago pa magtungo sa bookstore ng dalaga. Mga ten-minute walk lang naman ang layo niyon sa restaurant.

“Wow,” komento ni Paige nang makita ang pagkain.

“Italian Baked Chicken and Pastina,” sabi niya habang tinutulungang makaupo ang dalaga. “And strawberry tiramisu for dessert.”

“Wes!” daing nito. “Tataba ako nito!”

Tumawa siya bago maupo sa tapat ng babae.

Hinila niya ang lighter at sinindihan ang mga tea lights na nakapaloob sa maliliit na baso sa pagitan nila sa mesa. Hindi gumalaw ang dalaga at nanatili lang na nakatingin sa kanya.

“Ayaw mo ba ng chicken?” tanong niya. “Sabi mo mahilig ka sa cheese. There’s parmesan and mozzarella.”

Umiling si Paige. “Hindi iyon. Hindi lang ako makapaniwala na... well, na nandito ako.”

Nagtaas siya ng isang kilay.

“Wes,” patuloy ito. “Mas sweet ka pa sa ’kin kaysa sa ex ko. Kung katulad mo naman lahat ng ka-fling, baka wala nang mag-boyfriend sa mga babae.”

Tumawa siya bago nagsalin ng white wine sa baso ni Paige. “Huwag kang maingay,” aniya. “Baka ma-discover ako, marami na naman akong matanggap na offers.”

Tumawa ito at inabot ang tinidor.

“Huwag mo kasing masyadong seryosohin. We’re having a fling, remember? It’s not a lifetime commitment. Kung magsawa ka na sa ’kin, you can just tell me, we break it off. No hard feelings.”

Tinikman ni Paige ang kanyang niluto. “Hindi

ko lang kasi siguro lubos maisip na I...” Namula ang mga pisngi nito. “That we slept together. Hindi pa rin ako makapaniwala na ginawa ko iyon.”

“Mabuti na nga na ako ang na-pick-up mo n’ong gabing iyon.”

Tumawang muli si Paige. “Na-pick-up talaga?”

Pero hindi siya nagbibiro. Kung ibang lalaki lang ang naabutan nito sa restaurant, at nagdesisyon itong makipag-one-night stand sa kung sino lang, malamang hindi nito mararanasan ang nararanasan nito ngayon. At least kay Wes, ligtas ang dalaga. Sigurado niyang aalagaan niya ito.

At kung may ibang lalaking tumingin dito, baka gamitan niya ang gago na iyon ng jungle bolo.

“May idea ako,” saad niya mayamaya at nagangat ng paningin si Paige. “Di ba nga, we’re having a fling? So puwede mong gawin lahat ng gusto mong gawin dito na ayaw ng, o hindi puwede para sa, ex mo. May mga gusto ka bang gawin dati na hindi mo magawa dahil pinagbawalan ka ni... ano’ng pangalan ng ex mo?”

“Tyler.”

“Ni Taylor.”

The Sweetest Fling - Elise Estrella

Tumawa si Paige. “Well, marami,” sagot nito bago muling tumungo sa pinggan. “Conservative siya na hindi ko maintindihan. Seloso.” Umiling ito. “I can make a list.”

Tumango si Wes. “Sige,” sabi niya. “Gawin mo ang listahan mo na iyon, ’tapos tingnan natin kung ano ang puwede nating gawin habang may fling tayo.”

“Seryoso ka?”

Muli siyang tumango. “Yup, seryoso ako.”

Mabagal na ngiti ang isinagot ni Paige sa kanya. “Baka mahirapan ka. Marami akong gustong gawin.”

Ngumiti rin siya nang pilyo. “Don’t try me, sweetheart. Ito ang una mong fling. I’ve been in a lot.”